# Programa sa Komprehensibong Tulong sa Mga Tagapag-alaga ng Pamilya ng Veterans Affairs/VA Program of Comprehensive Assistance For Family Caregivers(PCAFC)

*Impormasyon sa Pagbawi at Discharge/ Revocation and Discharge Fact Sheet*



VA Caregiver Support

Maraming maaring dahilan kung saan ang isang karapat-dapat na Beterano at/o mga Tagapag-alaga ng Pamilya ay nabawi o na-discharge mula sa Programa ng Komprehensibong Tulong sa Mga Tagapag-alaga ng Pamilya (PCAFC). Ang mga dahilan ay ipinaliwanag sa fact sheet na ito. Batay sa dahilan para sa pagbawi o discharge, ang mga kalahok ng PCAFC ay maaaring makatanggap ng 60-araw na paunang notipikasyon at /o panahon ng ekstensyon ng benepisyo.

## PAGBAWI o REVOCATION

### Para sa Kadahilanan

Ang pagtalaga ng Tagapag-alaga ng pamilya ay maaring mabawi sa kadahilanan na ayon sa VA, kung ang alinman sa mga sumusunod ay natutukoy:

- Tagapag-alaga ng Pamilya o Beterano ay nakagawa ng panloloko.
- Kinaligtaan ng Tagapag-alaga ng Pamilya, inabuso o pinagsamantalahan ang Beterano.
- May isyu sa personal na kaligtasan na umiiral sa Beterano na ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi kayang iresolba.
- Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay ayaw magbigay ng serbisyo sa pangangalaga sa sarili sa Beterano o sa kaso ng pansamantalang pagkawala ng Tagap-alaga ng pamilya o kawalan ng kakayahan, o bigong paninigurong matiyak na may magbibigay ng serbisyo sa pangangalaga sa sarili sa Beterano.

**Epektibong Petsa–** Ang epektibong petsa ng pagbawi Para sa Kadahilanan ay ang petsa kung saan ang pamantayan sa pagbawi o discharge ay nabatid o nakilala na. Ang pagbawi Para sa Sanhi ay kaagad na epektibo, at ang paunang notipikasyon ay hindi na ibinibigay.

Sa kaso ng pagbawi dahil sa pandaraya, ang epektibong petsa ng pagbawi ay ang petsa ng pandaraya. Kung hindi matukoy ng VA kung kailan nagsimula ang pandaraya, ang petsa ng pagbawi ay ang pinakamaagang petsa na ang pandaraya ay nabatid o nalaman ng VA, at hindi lalampas sa petsa kung kailan nabatid ng VA ang pandaraya. Kung natukoy ng VA na may pandarayang nangyari, bilang bahagi ng pinagsamang aplikasyon, ang epektibong petsa ay ang petsa kung kailan sinumite ang pinagsamang aplikasyon.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang pagtalaga ng Tagapag-alaga ng Pamilya ay binawi Para sa Kadahilanan, wala na ang ekstensyon sa benepisyo.

### Di-Pagsunod

Ang pagtalaga ng Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring ma-discharge o mabawi kapag ang karapat-dapat na Beterano o ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi sumusunod sa mga kinakailangan sa programa. Ang ibig sabihin ng di-pagsunod ay:

- Ang serbisyo sa pangangalaga sa sarili ay tuloy-tuloy at regular na ibinibigay sa Beterano sa pamamagitan ng/o ibang tao.
- Ang Beterano ay hindi tumatanggap ng pangangalaga sa bahay.
- Ang Beterano ay hindi tumatanggap na patuloy na pag-aalaga mula sa isang pangunahing koponan ng pag-aalaga.
- Ang Beterano o Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi nakikibahagi sa mga kontak sa kaayusan.
- Ang Beterano o Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi nakikibahagi sa pagtatasa.
- Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi miyembro ng pamilya at hindi nakatira kasama ang Beterano.
- Ang Beterano ay hindi na nakatira sa Estado.
- Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi kayang magbigay ng serbisyo sa pangangalaga sa sarili.

**Epektibong Petsa–** Ang Beterano at ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay binibigyan ng 60-paunang araw ng notipikasyon bago umepekto ang pagbawi o discharge. Sa 60-paunang araw ng notipikasyon, ang Beterano at ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaring gumawa ng hakbang o gumawa ng aksyon sa pagtama at maging maayos muli bago pa man ang pagbawi. Kapag naganap ang gayong pagtatama, mababaligtad ang desisyon ng pagbawi.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang pagtalaga ng Tagapag-alaga ng Pamilya ay binawi dahil sa di-pagsunod, wala na ang ekstensyon sa benepisyo.

## Kamalian ng VA

Ang pagtalaga ng Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaring bawiin o ma-discharge kung ang pagtalaga at pag-apruba ng Tagapag-alaga ng Pamilya ay resulta ng maling determinasyon sa karapat-dapat ng VA.

**Epektibong Petsa–** Sa kaso ng pagbawi dahil sa kamalian ng VA, ang pagbawi ay epektibo sa petsa ng kung kailan ginawa nag kamalian. Kung hindi matukoy ng VA kung kailan nagsimula ang kamalian, ang petsa ng pagbawi ay ang pinakamaagang petsa na ang kamalian ay nabatid o nalaman ng VA, at hindi lalampas sa petsa kung kailan nabatid ng VA ang kamalian.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang pagtalaga ng Tgapag-alaga ng Pamilya ay binawi dahil sa Kamalian ng VA, ang mga benepisyo ay magpapatuloy sa 60 araw pagkatapos ng petsa ng pagbawi, at ang gayong mga benepisyo ay itinuturing na isang overpayment o labis na bayad. Ang VA ay maghahanap ng paraan upang mabawi ang overpayment/ labis na bayad ng mga benepisyo. Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring tumaggi sa ekstensyon ng benepisyo at dapat makipag-ugnayan sa isang miyembro ng Programa sa Tagapag-alaga ng Pamilya/ Caregiver Support Program (CSP) Team para sa karagdagang impormasyon.

# DISCHARGE:

## Kahilingan ng Beterano o Tgapag-alaga ng Pamilya.

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring ma-discharge o mapaalis sa kanilang sariling kahilingan o sa kahilingan ng Beterano.

**Epektibong Petsa–** Ang Beterano o ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring humiling ng discharge sa pasalita o sa pagsulat at dapat isama ang epektibong petsa ng discharge. Maaaring ito ay kasalukuyan o petsa sa hinaharap na ibinigay ng Tagapag-alaga ng Pamilya o Beterano. Kung ang kahilingan ay hindi nagbibigay ng kasalukuyan o petsa ng discharge, tatanungin ng VA ang Tagapag-alaga ng Pamilya o Beterano para ibigay ito at kung hindi makakuha ng petsang ito, magiging epektibo ang discharge sa petsa ng kahilingan.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay natanggal sa kahilingan ng Beterano o Tagapag-alaga ng Pamilya, ang mga benepisyo sa tagapag-alaga ay magpapatuloy sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng discharge.

## Kahilingan ng Tagapag-alaga ng Pamilya dahil sa Domestikong Karahasan/Domestic Violence o Karahasan sa Matalik na Kasosyo/Intimate Partner Violence

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring ma-discharge sa kanilang sariling kahilingan, dahil sa Domestikong Karahasan/ Domestic Violence o Karahasan sa Matalik na Kasosyo/Intimate Partner Violence (DV/IPV) na pinahintulutan ng Beterano laban sa Tagapag-alaga ng Pamilya.

**Epektibong Petsa–** Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring humiling ng discharge sa pasalita o sa pagsulat at dapat isama ang epektibong petsa ng discharge. Maaaring ito ay kasalukuyan o petsang ibingay ng Tagapag-alaga ng Pamilya o Beterano. Kung ang kahilingan ay hindi nagbibigay ng kasalukuyan o petsa ng discharge, tatanungin ng VA ang Tagapag-alaga ng Pamilya o Beterano para ibigay ito at kung hindi makakuha ng petsang ito, magiging epektibo ang discharge sa petsa ng kahilingan.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay humiling ma-discharge dahil sa Domestikong Karahasan/Domestic Violence o Karahasan sa Matalik na Kasosyo/Intimate Partner Violence, ang mga benepisyo ng tagapag-alaga ay magapapatuloy sa loob ng 90 araw matapos ang petsa ng discharge kapag ang alinman sa mga sumusunod ay maaaring maitatag: (1) Ang usapin ng isang proteksiyon na kaayusan, isama ang pansamantala o huling utos sa proteksyon

ng pamilya, upang protektahan ang Tagapag-alaga ng Pamilya mula sa DV o IPV na nagawa ng karapat-dapat na Beterano; (2) Isang ulat ng pulis na nagpapahiwatig ng DV o IPV na nagawa ng karapat-dapat na Beterano laban sa Tagapag-alaga ng Pamilya o isang talaan ng isang aresto na may kaugnayan sa DV o IPV na nagawa ng karapat-dapat na Beterano laban sa Tagapag-alaga ng Pamilya; o (3) Dokumentasyon ng pagsisiwalat ng DV o IPV na nagawa ng karapat-dapat na Beterano laban sa Tagapag-alaga ng Pamilya sa isang tagapagbigay ng alaga(hal., manggagamot, dentista, psychologist, rehabilitasyon therapist) ng karapat-dapat na Beterano o Tagapag-alaga ng Pamilya, Programa sa Pagtulong Laban sa Karahasan sa Matalik na Kasosyo/Intimate Partner Violence Assistance Program (IPVAP) Tagapag-ugnay/Coordinator, Terapist o Tagapayo.

## Institusyonalisasyon ng Beterano

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay madi-discharge kapag ang isang Beterano ay institusyonalisado sa isang lugar sa labas ng bahay,isama ang ospital,pasilidad sa rehabilitasyon, bilangguan, tulong sa pamumuhay na mga pasilidad, medikal na tahanan sa pagpapaunlad o foster home, nursing home o iba pang katulad na setting para sa panahon ng 90 araw o higit o maasahang institusyonalisadong sa 90 araw o higit.

### Epektibong Petsa–
Sa kaso ng discharge dahil sa institusyonalisasyon ng Beterano, ang epektibong petsa ay ang petsa kung kailan nagsimula ang institusyonalisasyon, kung ito ay natukoy na ang Beterano ay inaasahang nasa institusyon sa panahon ng 90 araw o higit pa, o ang ika-90 araw ng pag-institusyon, kung alin man ang naunang petsa.

### Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–
Kapag ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay natanggal dahil sa institusyonalisasyon ng Beterano, ang mga benepisyo sa tagapag-alaga ay magpapatuloy sa 90 araw pagkatapos ng petsa ng discharge.

## Institusyonalisasyon ng Tagapag-alaga ng Pamilya

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay na-discharged kapag ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay institusyonalisado sa isang lugar sa labas ng bahay isama ang ospital,pasilidad sa rehabilitasyon, bilangguan, tulong sa pamumuhay na mga pasilidad, medikal na tahanan sa pagpapaunlad o foster home, nursing home o iba pang katulad na setting para sa panahon ng 90 araw o higit o maasahang institusyonalisadong sa 90 araw o higit.

### Epektibong Petsa–
Sa kaso ng discharge dahil sa institusyonalisasyon ng Tagapag-alaga ng Pamilya, ang epektibong petsa ay ang petsa kung kailan nagsimula ang institusyonalisasyon, kung ito ay natukoy na ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay inaasahang nasa institusyon sa panahon ng 90 araw o higit pa, o ang ika-90 araw ng pag-institusyon, kung alin man ang naunang petsa.

### Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–
Kapag ang isang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged dahil sa institusyonalisasyon, ang mga benepisyo sa tagapag-alaga ay patuloy na para sa 90 araw pagkatapos ng petsa ng discharge.

## Kamatayan ng Beterano

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged kapag ang Beterano na nakikibahagi sa PCAFC ay namatay. Ang VA ay dapat makatanggap ng notipikasyon ng pagkamatay ng Beterano sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalabis ng 30 araw pagkatapos ng pagkamatay ng isang Beterano.

### Epektibong Petsa–
Ang discharge ay epektibo sa petsa ng pagkamatay ng Beterano.

### Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–
Kapag ang isang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged dahil sa pagkamatay ng Beterano, ang mga benepisyo sa tagapag-alaga ay magpapatuloy sa 90 araw pagkatapos ng petsa ng discharge.

## Kamatayan ng Tagapag-alaga ng Pamilya

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged sa kaganapan ng kanilang kamatayan. Dapat tumanggap ng notipikasyon ng pagkamatay ng Tagapag-alaga ng Pamilya sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalabis ng 30 araw pagkatapos ng pagkamatay ng isang Tagapag-alaga ng Pamilya.

### Epektibong Petsa–
Ang discharge ay epektibo sa petsa ng pagkamatay ng Tagapag-alaga ng Pamilya.

### Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–
Kapag ang isang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged dahil sa kamatayan, wala na ang ekstensyon sa benepisyo.

## Batay sa Pagtatasa ng Karapat-dapat na Beterano

Ang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged kapag ang Beterano ay hindi na matugunan ang mga kinakailangan ng PCAFC dahil sa mga pagpapabuti sa kalagayan ng Beterano o kung hindi man. Ito ay maaaring dahil sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Mayroong pagbabago sa karapat-dapat na ukol sa Koneksyon sa Serbisyo o Veteran's Service Connection rating ,at hindi na matugunan ang pamantayan para sa isang malubhang pinsala.
- Ang pakikilahok ay nadetermina na hindi na para sa mabuting interes ng Beterano.
- Ang Beterano ay determinadong hindi na kailangan ng mga serbisyo sa pangangalaga sa sarili.

**Epektibong Petsa–** Ang Beterano at Tagapag-alaga ng Pamilya ay binibigyan ng 60-paunang araw na notipikasyon bago umepekto ang discharge.

**Petsa ng Pagtatapos ng Benepisyo–** Kapag ang isang Tagapag-alaga ng Pamilya ay discharged batay sa Beteranong hindi na matugunan ang mga kinakailangan ng PCAFC, ang benepisyo sa tagapag-alaga ay magpapatuloy sa 90 araw.

***Para sa mga Legacy Applicants, Legacy Participants, at kanilang Tagapag-alaga ng Pamilya, may transisyonal na panahon simula noong Oktubre 1, 2020, na sinundan ng 60-araw na paunang notipikasyon, na sinundan ng 90 araw ng ekstensyon ng benepisyo mula sa petsa ng discharge, kung hindi na-discharge para sa iba pang mga dahilan.***

## Overpayments/Labis na bayad

Ang overpayment o labis na bayad ay nangyayari kapag ang pagbabayad ay ginawa ng VA sa Isang Pangunahing Tagapag-alaga ng Pamilya nang mahigit sa halagang dapat bayaran, kung saan ang Pangunahing Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi karapat-dapat, o kapag ang pagbabayad ay nagawa dahil sa kamalian. Ang isang overpayment o labis na bayad ay napapailalim sa koleksyon na naayon sa pagkilos sa Federal Claims Collection Standards.

Kung may overpayment o labis na bayad, may ilang pagpipilian na magagamit para sa pagbabalik ng overpayment na ito. Sa kaganapan ng isang overpayment o labis na bayad, ipaaalam ng isang kinatawan mula sa VA ang Pangunahing Tagapag-alaga ng Pamilya sa iba't ibang pagpipilian na magagamit at tagubilin kung paano magpapatuloy.

## Karapatang Mag-apela

Ang mga taong hindi sumasang-ayon sa desisyon ng PCAFC, kabilang na ang pagbawi o determinasyon, ay may karapatang humiling ng karagdagang pagsusuri o apela ng desisyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga magagamit na pagpipilian, kontakin lamang ang Caregiver Support Line sa (855) 260-3274 o bisitahin ang www.caregiver.va.gov.

## Karagdagang mga Serbisyo at Suportang Maaaring Makuha

PCAFC ay isang paraan lamang na kung saan ang VA ay sumusuporta sa mga tagapag-alaga ng mga Beterano. Ang mga tagapag-alaga ay maaaring makilahok sa Programa ng General Caregiver Support Services (PGCSS) na kinabibilangan ng online at personal na pagsasanay at edukasyon, coaching, skills training, suporta sa kapwa/peer support, mapagkukunan at mga referral, suporta sa telepono sa pamamagitan ng VA Caregiver Support Line. Hindi kailangan ng aplikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon o mga tanong tungkol sa impormasyon sa fact sheet na ito, kontakin lamang ang facility Caregiver Support Program Team, bisitahin ang www.caregiver.va.gov o kontakin ang Caregiver Support Line sa (855) 260-3274.

### Paano Makipag-ugnay sa iyong Caregiver Support Program Team

***Maaring mahanap ng mga Beterano at mga Tagapag-alaga ang kanilang lokal na Caregiver Support Coordinator sa pamamagitan ng...***

Pagtawag sa Caregiver Support Line sa 1-855-260-3274 - Toll free - Pinalawak na Oras (Lunes-Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 10:00 p.m. ET; Sabado 8:00 .m. hanggang alas-5:00 n.m. ET)

Paggamit ng Caregiver Support Program Team locator tool sa: www.caregiver.va.gov/support/New_CSC_Page.asp

Ang online application ay makukuha sa: https://www.va.gov/family-member-benefits/comprehensive-assistance-for-family-caregivers